SANDIWA

SPECIAL ISSUE

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE

MARSO 2022 BOCUE, BULACAN

# HALALAN 2022

Kami ay nagagalak na ilahad sa inyo ang mga kandidato sa 2022 St. Martin Coop General Elections. Ang lahat ng mga kandidatong ito na inyong pagpipilian ay mga members in good standing at may Share Capital na hindi bababa sa P30,000.00 sa nakalipas na dalawang taon. Silang lahat ay may kapuri-puring paninilbihan sa komunidad at mga aktibong miyembro ng organisasyong pang-simbahan, pampamahalaan, pang-akademiya at/o mga pang-sibikong institusyon. Pili na!

## Mga Kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT I, pumili ng dalawa (2)



### 1. ESQUILLO, RHODORA J.

ESQUILLO, RHODORA J., 53, nakatira sa Bunlo, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng B.S. in Engineering Major in Electronics and Communications. Siya ay biyuda at mayroong anim na anak. Kasalukuyang nagtatrabaho bilang Team Leader/Programmer sa PCCW Solutions Phils., Inc. Matagumpay na nagpatupad ng maraming proyekto sa Hongkong as the Philippine Team's Project Manager.



### 2. CRUZ, IRMA E. (Dr.)

CRUZ, IRMA E. (Dr.), 61, nakatira sa Sulucan, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng kursong Dentistry sa Manila Central University noong 1982. Kasal siya kay Laureano Cruz at mayroong apat na anak. Bukod sa pagiging Dentista at pagkakaroon ng catering business, siya ay naging aktibo sa mga gawaing pamparokya at pang-komunidad kung saan naging taga-Pangulo siya ng Parish Pastoral Council at Head ng Social Action ng St Martin of Tours Parish. Taong 1988 nang siya ay naging kasapi ng St Martin Coop at naging officer ng Credit Committee at Board of Directors. Siya ay naging Chairperson ng Board of Directors ng St Martin Coop noong Abril 2019 – Hulyo 2021 at sa kasalukuyan, siya ang Chairperson ng Gender and Development Committee ng CLIMBS Life Insurance Cooperative. Nagkamit siya ng mga parangal gaya ng Bishop Awardee ng Diocese ng Malolos at naging nominee para sa Natatanging Kababaihan ng Bulacan.



### 3. SANTOS, CYNTHIA NERISA Y.

SANTOS, CYNTHIA NERISA Y., 55, nakatira sa Bagumbayan, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng kursong B.S. Commerce Major in Accounting. Siya ay Assistant Finance Officer sa National Steel Corporation. Sa kasalukuyan ay Vice-Chairperson siya ng St. Martin Coop Mediation and Conciliation Committee. Naging Board Member din siya ng St. Martin Coop.



### 4. VILLARTA, WILSON L. (Arch.)

VILLARTA, WILSON L. (Arch.), 43, nakatira sa Poblacion, Bocaue, Bulacan. Nagtapos ng kursong B.S. in Architecture and Planning. May-ari at kasalukuyang nagtatrabaho bilang Principal Architect ng Villarta Architectural Design. Nagkamit din siya ng parangal bilang Extra Ordinary Lay Minister of the Holy Communion.

## Mga Kandidato para sa BOARD OF DIRECTORS – DISTRICT II, pumili ng isa (1)



### 1. BABALA, JANICE M.

BABALA, JANICE M., 41, nakatira sa Pulong Buhangin, Sta. Maria, Bulacan. Nagtapos siya ng kursong B.S. in Computer Science at nagtatrabaho bilang Head Hunter sa HIRE, Inc.



### 2. DELA ROSA, MARICOR B.

DELA ROSA, MARICOR B., 42, nakatira sa Parada, Sta. Maria, Bulacan. Nagtapos ng Bachelor of Arts in Commerce Major in Marketing. Kasal siya kay Gary Dela Rosa at mayroong 2 anak. Siya ay mayroong sari-sari store business. Aktibo rin siya sa programang Solid Waste Management sa kanilang barangay.



### 3. HILARIO, NESTOR C. (Engr.)

HILARIO, NESTOR C. (Engr.), 63, nakatira sa Guyong, Sta. Maria, Bulacan. Nagtapos ng B.S. in Civil Engineering at isang lisensyadong Civil Engineer. Kasal siya kay Adela Hilario at mayroong apat na anak. Siya ay General Manager ng isang construction firm. Naging District Deputy ng Knights of Columbus at Fiesta President ng St. James Chapel sa Sta. Maria, Bulacan.

## Mga Kandidato para sa AUDIT COMMITTEE, pumili ng dalawa (2)



### 1. FRANCISCO, IRENE R.

FRANCISCO, IRENE R., 55, nakatira sa Turo, Bocaue, Bulacan. Nagtapos siya ng BSC Banking and Finance at may Masters Degree in Education. Kasal siya kay Ronaldo Francisco at mayroong tatlong anak. Nagtrabaho sa Team Mission Phils. Inc. bilang Internal Auditor, Finance Assistant, Finance Officer, at Board Member/Treasurer. Kasalukuyan siyang Head Pastor ng Universal Pentecostal Church, Inc. – Libis Kaliwa at Gitna Duhat. Tumanggap siya ng MAED Administration and Supervision with MERITUS Award.



### 2. CABAL, MARIE LOUIE DC.

CABAL, MARIE LOUIE DC., 35, nakatira sa Bambang, Bocaue, Bulacan. Nagtapos siya ng kursong B.S. in Accountancy. Kasal kay Bienvenido Cabal, Jr. at mayroong dalawang anak. Sa kasalukuyan, siya ay isang online Accountant. Siya ay naging Pangulo ng Community Extension Service ng St. Paul College of Bocaue Alumni.



### 3. SAN LUIS, ERWIN P.

SAN LUIS, ERWIN P., 32, nakatira sa Poblacion, Sta. Maria, Bulacan. Siya ay isang Certified Public Accountant at may Masters Degree in Business Administration. Kasal siya kay Angelique San Luis at mayroong dalawang anak. Kasalukuyang nagtuturo bilang part-time teacher ng Accounting, Investments at Finance sa Dr. Yanga's Colleges, Inc. sa Senior High School at College of Accountancy. Siya ay may mahigit 10 taong karanasan sa investments at financial markets at konektado sa LME Star Marketing Supermarket, LME Farm at Aei Toy Store. Siya rin ay naging kasapi at naging bahagi ng mga pinuno sa Singles Ministry ng St. Martin of Tours Parish, Bocaue, Bulacan.



### 4. DODOSO, KIMBERLY F.

DODOSO, KIMBERLY F., 32, nakatira sa Taal, Bocaue, Bulacan. Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Arts Major in Legal Management at Civil Service Professional Eligibility Passer. Kasal siya kay Earvin Dodoso at mayroong dalawang anak . Nagtatrabaho sa Shell bilang Trading and Supply Specialist. Tumanggap siya ng EVP at Credit Hero Awards.

## Mga Kandidato para sa ELECTION COMMITTEE, pumili ng isa (1)



### 1. DELA ROMA, JOHN CARLO D.

DELA ROMA, JOHN CARLO D., 26, nakatira sa Tambubong, Bocaue, Bulacan. Siya ay nagtapos ng kursong Aircraft Maintenance Technology at kasalukuyang namamahala ng kanyang printing services business. Nagtrabaho siya sa Royal Saudi Air Force.



### 2. ROXAS, MILLIE GRACE G.

ROXAS, MILLIE GRACE G., 42, nakatira sa 058 P. Gomez St., Bagumbayan, Bocaue, Bulacan. Nagtapos siya ng Bachelor of Science in Business Administration Major in Management. Kasal siya kay Oliver Roxas at mayroong apat na anak. Namamasukan bilang staff ni Councilor Ken A. Valdez sa Sangguniang Bayan ng Bocaue.



# GABAY SA PAGBOTO

1. Makakatanggap ng imbitasyon sa pamamagitan ng e-mail or text message ang mga miyembro na maaaring bumoto.
2. Gamit ang inyong cellphone o computer na connected sa internet, i-access ang natanggap na link.
3. Kung walang access sa internet o hindi nakatanggap ng imbitasyon sa pamamagitan ng e-mail or text message, maaaring magsadya sa mga sangay ng St. Martin Coop upang doon bumoto. Siguraduhin lamang na magdala ng face mask para sa ating kaligtasan.
4. Gamit ang Online Voting System, maaari mo nang iboto ang napiling kandidato.

# Mungkahing Pagbabago sa Articles of Cooperation and By-laws ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative

## ARTICLES OF COOPERATION

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **ARTICLE II - TYPE AND PURPOSES**<br><br>That the type of this cooperative is Multipurpose Cooperative and the purposes for which this Cooperative is organized are as follows:<br><br>1. To engage in cooperative undertakings and projects such as:<br><br>a. Savings and credit operations;<br>b. Commercial center operation;<br>c. Printing press, d Business franchise, and<br>e. Agri-related businesses | **ARTICLE II - TYPE AND PURPOSES**<br><br>That the type of this cooperative is Multipurpose Cooperative and the purposes for which this Cooperative is organized are as follows:<br><br>1. To engage in cooperative undertakings and projects such as:<br><br>a. Savings and credit operations;<br>b. Commercial center operation;<br>c. Printing press;<br>d. Business franchise;<br>e. Agri-related business<br>**f. Funeral services**<br>**g. Health services**<br>**h. Real estate business**<br>**i. Motorcycle and motorcycle parts trading** | Iminumungkahi na idagdag sa mga proyekto na maaaring paglaanan ng pondo/ pamumuhunan ng Kooperatiba sa hinaharap ang Funeral Services, Health Services, Real Estate Business at Motorcycle and motorcycle parts trading na siyang higit na makatutugon sa pangangailangan ng kasapian.<br><br>Pasok sa funeral services ang serbi-syong kaugnay sa burol, paglilibing o maging paglalaan ng memorial lot sa namayapang kasapi. Samantala, ang pagkakaroon ng diagnostic clinic o drug store ay mga halimbawa ng proyektong kunektado sa health services. Ang mga proyektong pabahay, pagbili ng lupa upang ito ay patayuan ng gusali na naglalaman ng commercial spaces for rent ay maiuugnay naman sa real estate business. Ang pagtitinda ng mga motorsiklo at piyesa nito ay pasok sa motorcycle and motorcycle parts trading.<br><br>Bukod sa makapagbibigay ang mga ito ng karagdagang kita para sa kooperatiba, malaki ang pagkakataon na ito ay magagamit tatangkilikin at mapakikinabangan ng kasapian at makapagaambag din sa local development sa komunidad na ating kinabibilangan |
| **ARTICLE III - GOALS**<br>That the goals of this cooperative is to help improve the quality of life of its members and thereby contribute to inclusive growth enterprise development and employment. In furtherance thereto shall aim: | **ARTICLE III - GOALS**<br>That the goals of this cooperative is to help improve the quality of life of its members and thereby contribute to inclusive growth enterprise development and employment. In furtherance thereto shall aim: | |
| 2. To provide optimum social and economic benefits to its members;<br><br>3. To teach members efficient ways of doing things in a cooperative manner; | 2. To provide optimum social, economic and health benefits to its members;<br><br>3. To educate and provide members with efficient ways of doing things thru strategic thinking, technologies and trainings.<br><br>15. To expand the financial services that can be accessed and delivered through digital channels (ATM and POS terminals, mobile phones, internet, online kiosks and otheroperable branches), including but not limited to savings loans, payments, fund transfers remittances mobile top-up, purchases, and Insurance; | Idinagdag ang pagkakaloob ng benepisyong pangkalusugan bilang isa sa mga layunin ng Kooperatiba hinggil sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga miyembro nito.<br><br>Nilinaw lamang sa probisyong ito kung paano magagabayan ng Kooperatiba ang mga miyembro ukol sa paggawa ng mga bagay-bagay na may kahusayan.<br><br>Isinama ang bagong probisyon na ito upang maiakma ang mga nakalinyang pagpapalawig ng serbisyong pinansyal garnit ang napapanahon at makabagong teknolohiya para sa kaginhawaan ng mga miyembro (halimbawa online payment, digital transactions, etc.). |

## BY-LAWS

| UMIIRAL NA PROBISYON | MUNGKAHING PAGBABAGO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| **Article III - ADMINISTRATION**<br><br>**Section 17. Meetings.** Meetings of the General Assembly, Board of Directors and Committees may be regular or special. All proceedings and businesses undertaken at any meeting of the General Assembly or Board of Directors, if within the powers or authority of the Cooperative there being a quorum, shall be valid. | **Article III - ADMINISTRATION**<br><br>**Section 17. Meetings.** Meetings of the General Assembly , Board of Directors and Committees may be regular or special. **Such meetings may be conducted either through physical attendance or videoconferencing.** All proceedings and businesses undertaken at any meeting of the General Assembly or Board of Directors, if within the powers or authority of the Cooperative, there being a quorum, shall be valid. | Dahilan sa pandemic na naganap, naging limitado ang galaw ng mga tao at nagkaroon ng paghihigpit sa malakihang pagtitipon. Iminumungkahi na isama ang video-conferencing bilang isa sa mga kaparaanan na maaaring gamitin ng Kooperatiba sa pagsasagawa ng pulong ng Pangkalahatang Kasapian Lupong Patnugutan at ng iba't ibang komite. |
| **Section 18. Regular General Assembly Meeting.** The general assembly shall hold its annual regular meeting by sequential per district/branch and final GA meeting at the principal office of the Cooperative or at any place within the Philippines within ninety (90) days after the close of fiscal year or on the date set by the Board of Directors. | **Section 18. Regular General Assembly Meeting.** The general assembly shall hold its annual regular meeting by sequential per district/branch and final G A. meeting at the principal office of the Cooperative or at any place within the Philippines **either through physical attendance or videoconferencing** within ninety (90) days after the close of fiscal year or on the date set by the Board of Directors | Dahilan sa pandemic na naganap, naging limitado ang galaw ng mga tao at nagkaroon ng paghihigpit sa malakihang pagtitipon. Iminumungkahi na isama ang videoconferencing bilang isa sa mga kaparaanan na maaaring gamitin ng Kooperatiba sa pagsasagawa ng Regular General Assembly Meeting. |
| **Section 19. Special General Assembly Meeting.** The Board of Directors may, by a majority vote of all its members, call a special G A meeting at any time to consider urgent matters requiring immediate membership decision. The Board of Directors must likewise call a special G A. meeting within one (1) month from receipt of a written request from a) at least ten percent (10%) of the total number of members entitled to vote; b)the Audit Committee; or c)the head of the Federation or Union to which the Cooperative is a member, or d)upon written order of the Cooperative Development Authority. | **Section 19. Special General Assembly Meeting.** The Board of Directors may, by a majority vote of all its members, call a special G A. meeting at any time **which may be conducted either through physical attendance or videoconferencing** to consider urgent matters requiring immediate membership decision. The Board of Directors must likewise call a special G A. meeting within one (1) month from receipt of a written request from a) at least ten percent (10%) of the total number of members entitled to vote; b)the Audit Committee; or c)the head of the Federation or Union to which the Cooperative is a member, or d)upon written order of the Cooperative Development Authority. | Dahilan sa pandemic na naganap, naging limitado ang galaw ng mga tao at nagkaroon ng paghihigpit sa malakihang pagtitipon. Iminumungkahi na isama ang videoconferencing bilang isa sa mga kaparaanan na maaaring gamitin ng Kooperatiba sa pagsasagawa ng Special General Assembly Meeting. |
| **Section 23. Voting System.** Only members entitled to vote shall be qualified to participate and vote in any G A. meeting. A member is entitled to one (1) vote only regardless of the number of shares he/she owns.<br><br>Election or removal of Directors and Committee members shall be by secret ballot. Action on all matters shall be in any manner that will truly and correctly reflect the will of the membership No proxy and/or cumulative voting shall be allowed The electronic voting system as stipulated on the SMTCDC "Panuntunang Panghalalan" shall be held within the prescribed General Assembly period. | **Section 23. Voting System.** Only members entitled to vote shall be qualified to participate and vote in any G A. meeting. A member is entitled to one (1) vote only regardless of the number of shares he/she owns<br><br>Election or removal of Directors and Committee members shall be by secret ballot. Action on all matters shall be in any manner that will truly and correctly reflect the will of the membership. No proxy and/or cumulative voting shall be allowed. The electronic voting system or online election or any other means necessary as stipulated on the SMTCDC "Panuntunang Panghalalan" shall be held within the prescribed General Assembly period. | Upang maiayon sa kasalukuyang sitwasyon at posibleng pangangailangan sa hinaharap na kung sean ang pisikal na pagdalo sa pagboto ay maaaring hindi na kailanganin, iminumungkahi ang pagkakaroon din ng online election sa paghahalal ng mga kandidato sa iba't ibang posisyon sa Kooperatiba. |

ST. MARTIN COOP

## 2022 SEQUENTIAL ASSEMBLY

VIDEO CONFERENCING VIA zoom

| DATE | TIME | BRANCH |
|---|---|---|
| APRIL 23, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | GUIMBA |
| APRIL 23, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | CABANATUAN |
| APRIL 23, 2022 | 1:30 P.M. - 4:00 P.M. | ORANI |
| APRIL 23, 2022 | 1:30 P.M. - 4:00 P.M. | SAN MIGUEL |
| APRIL 30, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | POBLACION, STA. MARIA |
| APRIL 30, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | PULONG BUHANGIN, STA. MARIA |
| APRIL 30, 2022 | 1:30 P.M. - 4:00 P.M. | BALIUAG |
| APRIL 30, 2022 | 1:30 P.M. - 4:00 P.M. | GUIGUINTO |
| MAY 07, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | MEYCAUAYAN |
| MAY 07, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | TAAL, BOCAUE |
| MAY 14, 2022 | 9:30 A.M. - 12:00 P.M. | BUNLO, BOCAUE |
| MAY 14, 2022 | 1:30 P.M. - 4:00 P.M. | POBLACION, BOCAUE |

**GENERAL ELECTION • MARCH 21 - MAY 20, 2022** | **GENERAL ASSEMBLY** VIDEOCONFERENCING VIA zoom MAY 28, 2022 • 9:00 AM - 12:30 PM